Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Silangang Mindoro
BAYAN NG ROXAS

TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG IKA-40 REGULAR NA SESYON NG SANGGUNIANG BAYAN NG ROXAS, SILANGANG MINDORO NA GINANAP NOONG 18 OKTUBRE 1999, IKA-9:00 SA BULWAGANG PULUNGAN NG SANGGUNIAN.

Mga Dumalo:

Vice Mayor Gonzalo C. Siñel, Jr.	- Tagapangulo
Konsehal Jesus S. Dela Cruz	
Konsehal Cesar T. Baticos	
Konsehal Ramil O. Dimapilis	
Konsehal Juanito A. Bacay, Jr.	
Konsehal Eduardo K. Soriano	
Konsehal Juan S. Advincula	
Konsehal Angeles D. Bautista	
Konsehal Mae Arlene M. Talens	
Konsehal Eduardo G. Villamin	- Pangulo, Liga ng mga Barangay
Konsehal Randy P. Valencia	- Pangulo, Liga ng Sangguniang Kabataan

Hindi Nakadalo: Wala

KAPASYAHAN BLG. 100

KAPASYAHANG MAPITAGANG HUMIHILING SA LAND TRANSPORTATION OFFICE, CALAPAN CITY NA MAGKAROON NG ISANG ARAW SA BAWA'T BUWAN NG PAG-OOPISINA SA ROXAS, SILANGANG MINDORO.

SAPAGKA'T ang pagpaparehistro ng mga sasakyang pribado man o pampubliko ay isang tungkuling dapat isagawa ng mga may-ari ng sasakyan upang ang mga ito ay malayang magamit sa mga lansangan ayon na rin sa mga batas at tuntuning itinakda ng mga maykapangyarihan;

SAPAGKA'T ang tanggapang pa-rehistrohan ay nasa Siyudad ng Calapan na mahigit na isandaan at apatnapung kilometro sa bayang ito.

SAPAGKA'T sa ganitong distansya, lubhang nahihirapan sa layo at malaking gastos ang mga mamamayan na nagiging dahilan ng pagpapaliban at kung minsa'y pagkalimot sa pagpaparehistro ng sariling sasakyan;

SAPAGKA'T kapag nagkaroon ng pag-oopisina ng Land Transportation Office sa bayang ito kahit isang araw man lang sa isang buwan magiging malaking kaluwagan ito sa mga mamamayan ng Roxas dahil mapadadali ang pagpoproseso ng mga papeles at di na mapapagod o mag-aaksaya ng panahon at malaking halaga upang maisaayos ang mga dokumento sa paggamit ng mga sasakyan;

SAPAGKA'T napagkasunduan ng mga miyembro ng Sangguniang Bayang ito na ang kahilingan ay mapitagang itukoy sa Tagapamahala ng Land Transportation Office, Siyudad ng Calapan upang bigyang-pansin ang hinaing ng mga may-ari/namamahala ng mga sasakyang pampubliko at pribado sa bayang ito.

DAHIL DITO sa mungkahi ni Konsehal Eduardo G. Villamin na sinang-ayunan ng lahat –

IPINASYA, tulad ng pagpapasyang ito na mapitagang hilingin sa Land Transportation Office, Siyudad ng Calapan na magkaroon ng isang araw bawa't buwan ng pag-oopisina sa Roxas, Silangang Mindoro.

IPINASIYA RIN na ipadala ang sipi ng kapasyahang ito kay Madam Erlinda Garcia, Tagapamahala, Land Transportation Office, Siyudad ng Calapan para sa kanyang masusing pag-aaral at naaayong pagpapasya para sa kapakinabangan at ikabubuti ng mga mamamayan ng Roxas, Silangang Mindoro.

Pinagtibay: 18 Oktubre 1999

PINATITIBAYANG WASTO:

VIOLETA B. FUENTES
Kalihim ng Sanggunian

PINATITIBAYAN:

GONZALO C. SIÑEL, JR.
Pangalawang Punong Bayan/
Tagapangulo

PINAGTIBAY:

JESUS M. DIMAPILIS
Punong Bayan

merz/